# Prologue

"Sigurado ka ba sa gagawin mo?" his father asked.

He nodded. "I'm sure. So sure." His voice was firm; nasa anyo ang determinasyon. "I'm twenty-seven. Old enough to decide on my own."

"Pero hindi ito simpleng desisyon lang…"

"What's the fuss? I'm doing this for my own sake. To save my face from ugly speculations. Ayoko ring mapagtawanan ako, Papa."

"Pero hindi sana sa ganitong paraan, hijo," giit ni Lionel. Sa kabila ng kasubuan na sa sitwasyon ay umaasa pa rin ito na magbabago ang isip ng anak sa huling pagkakataon. "It's not only your life that is at stake here. Pati na rin ang buhay ng anak ni Ysrael."

"Ysrael Calderon is a friend. Siyam na buwan kaming nagkasama sa barko noon. He liked me in an instant at ganoon din ako sa kanya. Although he's older, we get along easily. We ended up with this dahil naniniwala siya na sa mabuting tao mapupunta ang anak niya."

"Gan'un nga ba, Glenn?"

He grinned. "Gan'un na nga."

Akmang magsasalita si Lionel nang pumasok ang isang may-edad na lalaki. Sa ayos nito, mababatid na ito ay isang judge. May hawak itong papel.

"Where's the other party?" tanong nito.

Noon bumukas ang pinto. Iniluwa niyon ang isang lalaki, in his early fifties. Tahimik ang kasama nitong babae, who looked like she was only in her teens. Her curly hair was untamed, hanging loosely on her bare shoulders. Her face was void of any makeup, maliban sa powder at lipgloss. She was wearing a sexy, empire-waist white dress na hanggang sakong nito. Ang tanging sapin sa paa ay skin-tone strappy sandals. Ni hindi ito makatingin nang derecho sa kanya na para bang sinasadyang iiwas ang mga mata sa kinaroroonan niya.

Glenn mocked her silently. So, this young woman—no, young girl would be his lawfully wedded wife any moment from now.

"Let's start the ceremony," anang judge.; iniabot sa katabing babae na umaaktong sekretarya nito ang hawak na papel.

“Let’s make it as fast as possible,” Glenn said swiftly; nasa tinig ang pagmamadali.

Ngumiti ang marriage celebrant. May nanunuksong ngiti sa mga labi nito. And in minutes, pumuwesto ang judge sa tabi ng binata. Sinulyapan ang batam-batang babae na nasa likod ng ama nito.

“My daughter’s a little scared,” nakangiting ani Ysmael. “But she’ll be all right.”

“Dad…”

Tumango si Ysmael at mahigpit na pinisil ang kamay ng anak. “Glenn’s a good guy. You’ll be safe with him. Panatag akong mawawala kung alam kong siya ang pag-iiwanan ko sa iyo.”

Sa kabila ng pagtangging nasa mga mata ng dalaga, wala itong nagawa kundi harapin ang nagkakasal. Mahigpit na hinawakan ni Glenn ang kamay ng babae. Tila hindi ito nais pakawalan at gusto ring ipaalam na walang puwang ang anumang pagtanggi nito.

In less than twenty minutes, the ceremony was over. Nang sabihin ng celebrant na maaari nang hagkan ang bride ay mariing tumanggi si Glenn.

"There's no need for that. We can do it in private and share much more than a kiss."

May makahulugang ngiting sumungaw sa mga mata ng judge. Kaagad nitong naisip ang tinutukoy ng bagong kasal.

Nananghalian sila sa isang mamahaling restaurant sa West Avenue. Hindi pa natatapos kumain ang judge at ang mga magulang ng ikinasal ay maagap nang tumayo si Glenn. Mahigpit na hinawakan ang braso ng bride.

"Teka, Glenn…" awat ni Lionel sa anak. "Saan mo siya dadalhin?"

"I want to talk to my wife. In private." Idiniin nito ang tinuran.

Walang nagawa ang dalawang lalaki nang mabilis na hilahin ni Glenn ang asawa palabas ng restaurant. Kinawayan nito ang isang papalapit na taxi at itinulak papasok doon ang nabiglang bride. May sinabi itong lugar di-kalayuan doon. Nang papasok na ang taxi sa loob ng compound ng apartelle ay napasiksik sa isang sulok ng backseat ang babae. She seemed ready to faint. In horror. In fear.

"C'mon, we're married now," magaspang na ani

Glenn. “Stop playing coy. Kung iyong hindi magnobyo, nagse-sex, tayo pa kaya na married—”

“I have a boyfriend and I’m not supposed to marry you!” she hissed.

Sa kauna-unahang pagkakataon ay noon lamang ito nagsalita, makaraan ang atubiling pagsagot sa tanong ng judge na nagkasal sa kanila.

“If I have a choice, hindi ikaw ang pakakasalan ko.” She was catching her own breath. “I would choose my boyfriend ten times over you.”

“Just the same, Miss Calderon—I mean, Mrs. Jardeleza,” he corrected, “you’re mine now.” His eyes seemed to burn with fire sa pagkakatitig sa babae.

Wala itong nagawa kundi bumaba sa taxi makaraang hawakan sa braso ng groom papasok sa entrada ng apartelle. Kaagad na ibinigay ng isa sa mga tauhan ng apartelle ang susi nang mamataan sila.

Kitang-kita ni Glenn ang mga emosyon sa mga mata ng kanyang bride. Almost the same feelings that he had right now. He was angry, bitter… and remorseful. All those feelings took its toll on him.

He saw his bride catch her own breath. Ang takot ay pirming nakarehistro sa magagandang mata nito. Halos maglagos ang pagkakatitig ni Glenn sa virginal white long dress na suot nito. She was so pretty. Kung nagpakasal sila sa ibang pagkakataon, he would have felt like the luckiest new husband on earth.

But then, she was not his type. Kasabay ng kaisipang iyon, isang pamilyar na imahe ang nabuo sa utak niya. Sa loob ng tatlong taon, hindi iyon nawala sa balintataw niya—naririto man siya sa Pilipinas o wala. It was an image of a fair, tall, formal and confident woman. Itim na itim ang tuwid na buhok nito na alaga sa salon. Iyon ang naging basehan ng tipo niyang babae.

Then all of a sudden, Glenn's world fell apart. Ang babaeng itinuturing niyang umokupa ng malaking bahagi ng buhay niya ay bigla na lang naglaho mula sa kanya. At ngayon, sa harapan niya, ay ang babaeng ni sa panaginip ay hindi niya gugustuhing maging nobya o asawa. The young lady in front of him was the total opposite of his ideal woman. Estranghera pa rin ito, kahit pa nga taglay na nito ang apelyido niya.

She was so young-looking. Sa edad nitong beinte uno ay inisip niya noon na teenager lang ito. Isang

beses na niya itong nakita bago sila nagpakasal kanina. Naka-maong ito noon, sneakers at puting kamiseta. Ang buhok ay walang kaayus-ayos ang pagkakatali. She was morena, had curly hair… and pretty.

But just the same, his bride was not his type. And he certainly was not in love with her.

“Bakit mo ako dinala dito?” she asked in fear. “Hindi mo dapat—”

“Listen,” he snapped, “I had no wish of marrying you. Gusto kong maging malinaw ang lahat sa atin. I’m leaving next week. Wala akong pakialam sa gusto mong gawin sa buhay mo. You can go back to your bastard boyfriend for all I care.”

“Ikaw ang bastard!”

Hindi niya pinansin ang sinabi nito. “Tiyakin mo lang na hindi ko malalaman kung dudumihan mo ang pangalan ko.”

“Hindi ako interesado sa pangalan mo!” she hissed back. “Dahil kung hindi mo gustong makasal sa akin, I do not like being married to you, too!”

Her words cut through him. Natuon ang atensyon

ni Glenn sa ginagawa nitong paghubad sa wedding ring at saka padabog na paglapag niyon sa ibabaw ng kama.

Pagkatapos ay gigil na hinarap siya nito. "Wala akong pakialam kung saan ka pupunta. You have your life and I have mine. Gusto kong mabuhay nang malaya…"

"Iyan lang ang gusto kong linawin." Glenn was calmer now. "Isang bagay na hindi ko magawang sabihin kanina dahil kaharap natin ang ama mo at mga magulang ko."

"You have your life." Tumigil ang babae na tila kay pait para rito na bigkasin ang pangalan niya. "You go your way and I'll go with mine. Puwede mo na akong iwanan dito."

Hindi niya alam kung bakit parang may sumundot sa puso niya sa sinabi nitong iyon. And with a heavy heart, he left her. Sa kauna-unahang pagkakataon na umalis siya, bakit tila naiwan ang kalahati ng pagkatao niya sa silid na nilabasan? Dahil ba sa asawa niya?

Mariin siyang umiling. Marahil ay nakaukit lang sa isip niya ang katatapos na kasal kaya kung anu-

ano ang gumugulo sa isip niya.

Makaraang bayaran ang bill sa apartelle ay nagpakuha siya ng taxi. Sisikapin niyang kalimutan ang lahat sa abot ng makakaya niya. In the first place, he did not really want to marry that young woman…

# 1

“Wow, you’re so lucky. I’ve been praying to get that Palawan assignment,” anang kaibigan niyang si Lizzy na nakatayo ngayon sa harap ng kanyang cubicle.

Bakas ang panghihinayang sa mukha nito habang pinapanood si Yssa sa pagsisimi ng mga gamit at paglalagay niyon sa kanyang bag. Maaga siyang uuwi ngayon dahil bukas na siya lilipad patungo sa Palawan.

“Kaya lang, ikaw ang mas magaling sa photography so I firmly believe, that was one of those reasons why the bosses picked you.”

“Suwerte lang, Lizzy. I never dreamt of getting this project. Nagkataon lang talaga,” sagot ni Yssa.

“’Oy, you really deserve that,” kontra ng babae at saka bahagyang inilapit ang bibig sa tapat ng tainga ng kausap. “Pero alam mo ba, gustung-gusto ni Megan na masulot ang project na iyan. Kaya lang nang mag-meeting ang publisher at ang editorial director, ikaw ang napagkasunduan nilang piliin.”

“I have no idea why they chose me, Lizzy.”

Nagkibit-balikat lang siya.

"You're an artist, Yssabela," her friend replied. "Tingnan mo, hindi lahat ng photographer ng isang magazine ay kayang gumawa ng articles."

"I'm also an editorial assistant, nakalimutan mo na?" nangingiting aniya.

"Pero ikaw rin ang nagsu-shoot ng magazine covers natin, Yssa."

She smiled softly. Mula nang pumasok siya sa publishing company na iyon ay hindi niya inisip na makipagkompetensya sa kahit sino. She handled the cover shoot, pero kadalasan ay gumagawa rin siya ng artikulo dahil limitado ang contributors nila.

"Perhaps my education has to do with it, Lizzy."

She took up Mass Communications kaya hindi niya naisip kailanman na may talent siya sa arts. Lalo na sa photography. Graduating na siya nang matuklasan niya iyon, it was impossible for her to shift her course. Bukod pa sa walang ganoong kurso sa eskuwelahang pinagtapusan niya.

Ngumiti ito. "Kunsabagay, journalism ang major mo n'un kaya hindi nakapagtataka kung mas magaling ka pang magsulat kaysa sa editor-in-chief

natin."

"Marinig ka ni Ate Mai," tukoy niya sa may hawak ng posisyong binanggit ng kaibigan.

Dating professional model si Ate Mai at magaling din namang magsulat. Kaya nga ito naging editor-in-chief. Pambabae ang magazine nila kaya mas malaki ang alloted page para sa beauty and fashion tips. Buwanan iyon kung lumabas, pero sa buong panahong iyon ay nagiging abala sila dahil makapal ang babasahin, and in solid glossy pages.

She was just lucky na napunta siya sa kompanyang iyon. Kadalasan ay makapananghalian na siya pumapasok. O kung minsan ay hindi siya pumupunta sa opisina. Ang importante lang naman ay magawa niya ang mga nakatokang assignments sa kanya. Ang pinakamahalaga ay mai-shoot niya nang maayos ang magazine cover. Karaniwan ay isang sikat na local actress or singer ang kinukuha nila para maging cover girl.

At sa araw-araw na ginawa ng Diyos, tila runway ang office nila. She worked with glamorous women na nagpapauso ng fashion.

Gaya na lang ni Lizzy. Kaedad niya ito, beinte seis na rin. Pero bukod sa pagiging fashion editor, isa

rin itong stylist ng dalawang sikat na young actress. Lizzy could turn rags to fashionable clothings. Kahit ang mga sikat na modelo ay humihingi ng tips sa dalaga pagdating sa pananamit.

"Anyway, pasalubungan mo ako, ah," bulong nito saka kumindat nang papalayo na sa cubicle niya.

Napangiti si Yssa at napatigil sa ginagawa. Ang suwerte niya nga talaga. Napasulyap siya sa litrato ng ama na nasa desk niya. Kung nabubuhay siguro ito ngayon, marahil ay magiging proud din ito sa kanyang mga achievements.

In one corner of her cubicle, there was an invigorating picture of a seascape. Isang barko ang nasa gitna ng karagatan. Iyon ang huling barko na nasakyan ng daddy niya bago ito namatay. Isa itong marine engineer.

Papasampa na sana sa ibang barko ang ama nang atakehin ito sa puso. Her father died a few days later. Halos isang linggo itong comatose sa ICU ng isang pribadong hospital. Halos lahat ng naipon nito ay nagastos sa mga gamot at hospital bills.

That was five years ago. Yet, it still brought unfathomable pain in her heart. Hindi lang sa

pagkawala ng ama kundi dahil na rin sa pagkasira ng buhay niya. Nang mamatay ang ama, kasamang namatay ang kalayaan niya.

Yssa sighed. Limang taon na ang nakalipas, pero hanggang ngayon, nalilito pa rin siya sa buhay niya. Hindi na niya alam kung paano muling bubuuin iyon muli. Nagkamali ang daddy niya at siya ang nagdadala ngayon ng pagkakamaling iyon.

Matapos mag-ayos ng sarili sa ladies room, umuwi na siya nang araw na iyon. Natapos na niyang i-shoot ang para sa mga product features nila at mga bagong usong damit. Kahapon ay maghapon nilang kinunan ang dalawang modelo para sa fashion page nila gayundin ang para sa cover, kaya maluwag na ang schedule niya. Ang natitirang trabaho na lang niya ay ang travel feature na gagawin niya sa Palawan. She would be staying there for three days. Limang araw naman ang palugit na ibinigay sa kanya upang maipadala sa opisina ang article gayundin ang mga larawan na nakuhanan niya.

Her assignment was sponsored by a travel agency based in Puerto Princesa. Ang accomodation niya sa isang five-star hotel na malapit sa airport ay libre rin, gayundin ang gastusin niya sa pagkain. Ang pocket money naman niya ay sinagot ng publication.

Kaninang umaga pa lang ay dinala na ng sekretarya ng publisher na si Mr. Henry Jose ang voucher para roon. Bago lumabas ng building ay pina-encash na iyon ni Yssa sa accounting department.

Dinatnan na niya sa bahay niya si Nana Mila. Ito ang stay-out cleaning lady niya. Pinaalam niya rito ang tungkol sa pagpunta sa Palawan at pagtagal doon ng ilang araw. Dahil nag-iisa lang sa buhay, hindi naman mahirap linisin ang bahay niya.

She grew up without her mother dahil limang taon pa lamang siya nang maghiwalay ang mga magulang niya. Naiwan siya sa ama dahil nagkaroon na ng sarili nitong pamilya ang ina. Wala na silang komunikasyon dito sa ngayon.

Dahil nasa barko naman ang kanyang ama noon, ang Inang Yolanda ang masasabing siyang nagpalaki sa kanya. Ito ang ina ng kanyang ama at tanging lola na nakilala niya. Ilang taon pa lang ang nakakaraan mula nang mamatay ang kanyang ama nang pumanaw ito dahil sa katandaan. Kaya mahigit isang taon na siyang namumuhay mag-isa. Ang tanging kaanak na nakakaugnayan niya ay ang mga kapatid ng daddy niya at mga pinsan. Kapag may pagkakataon ay umuuwi siya ng Bulacan kung saan naroroon ang mga ito. Tuwang-tuwa ang mga

kaanak niya kapag naroroon siya.

Matapos tulungan ang matanda na mag-aayus-ayos sa bahay, maaga siyang naghapunan at natulog.

Alas siete y media ng umaga ang flight niya patungong Puerto Princesa. Sisikapin niyang maging exciting ang tatlong araw na iyon. She would not want to spoil her three-day assignment loaded with freebies. Matagal na siyang hindi nakakapagpahinga o nakakapunta sa ibang lugar sa labas ng Maynila. A new environment would help her recharge her senses.

Humigit-kumulang isang oras ang biyahe ng eroplano patungong Puerto Princesa City. Na-delay ang flight kaya alas ocho na sila umalis ng Maynila. Pagkalapag ng eroplano, napuna ni Yssa na hindi katulad ng ibang siyudad ang Puerto Princesa. Walang naglalakihang malls at iba pang gimikan. Napuna niya na hindi na rin nagagalaw ang maraming tropical forests doon kahit na nga ba nasasakop na ng siyudad.

May mga kainan na katulad ng nasa Maynila. May maliliit na department stores.

Pagdating pa lang niya sa *Legend Hotel* ay naghanap na siya ng brochure. Inumpisahan

na niyang magsulat ng article. Kahit hindi niya mapangalahati, at least she had started it. Magiging pandagdag na lang ang iba pa niyang mararanasan sa tour bukas.

# 2

Mag-a-alas-siete na ng gabi nagising si Yssa. Makaraang ayusin ang sarili ay bumaba siya sa lobby ng hotel.

May bar doon at restaurant, pati coffee shop. Palibhasa ay peak season, maraming guests ang hotel. Pinagkasya niya ang sarili sa isang native restaurant. She ordered seafoods and vegetables.

Gustong makaramdam ng pagkailang ni Yssa. Sa lahat yata ng naroon sa hotel ay siya lang ang walang kasama. Karamihan ay magkakagrupo—magkakamag-anak o magkakaibigan marahil. There were a lot of couples around. May pinong kurot sa puso niya ang tanawing iyon.

Then, she remembered Erman Jose; binata ito at may magandang trabaho. Anak ito ng publisher nila. Hindi miminsan siya nitong inanyayahan sa date but she was hesitant to go out with him. Not that she was scared of guys.

Noong college ay puro lalaki ang kasama niya sa school paper kung saan siya ang sports editor. She got to interview heartthrobs and tall, good-looking

basketball varsity players.

But now, it seemed she was avoiding men for silly reasons.

Napailing si Yssa. Kasabay niyon, napatingin siya sa papasok na isang pareha sa restaurant. She frowned, then in horror, she gasped. Ang atensyon niya ay nasa lalaking nakahawak sa siko ng babaeng kasama nito. Kahit hindi sabihin, sa kilos ng mga ito ay hindi maikakaila na mayroong relasyon ang mga ito.

Nagmamadaling kinuha ni Yssa ang bill niya. Hindi na niya hinintay ang sukli at mabilis na tumayo. Nakita rin ba siya ng lalaking iyon? Tila siya nabibingi sa lakas ng tibok ng puso niya.

Dala marahil ng pagkalito ay hindi niya kaagad natagpuan ang palabas ng restaurant.

*Silly girl, Yssa*, inis niyang bulong sa sarili. Bakit kailangang magkaganito siya na tila nakakita ng multo?

Multo? Right, damn right. It was a ghost from her past. Sa kalituhan, her body bumped into a solid frame. Tila siya bumangga sa pader. Ang bitbit niyang purse ay bumagsak sa sahig. Kasamang tumilapon ang laman niyong cellphone, *iPod* and a

few bills. Nagmamadaling pinulot ni Yssa ang mga gamit niya. Nang akmang dadamputin na niya ang *iPod* ay nakasabay niyang pulutin iyon ng isang matipunong kamay.

Mabilis na binawi ng dalaga ang kamay na nahawakan ng lalaki. Subalit ang nagsasalubong nitong kilay ang namataan ni Yssa nang makita ang mukha nito.

"Yssabela?" His voice was low, with wonderment and a little shock. Nang makabawi sa pagkabigla ang lalaki ay patuya itong ngumiti. "Yeah, right. Yssabela. Small world—"

Hindi nito nagawang tapusin ang sinasabi nang nagmamadali siyang tumalikod. She could hear her heartbeats against her ears. Halos takbuhin niya ang palabas ng restaurant at ang kinaroroonan ng elevator. She was almost mindless of everything. Pakiramdam niya ay lumulutang ang isip niya sa kawalan.

Samantala, mabilis na nilapitan ng kasama nito ang lalaking nakabanggaan ni Yssa.

"Do you know her, sweetheart?" malambing na tanong ng babae.

Hindi iyon sinagot ng lalaki.

"You called her name. I heard you. She's Yssabela, right?" anito sa mahinang tinig. "C'mon, Glenn. You don't have to lie to me. Hindi naman lingid sa akin ang sitwasyon mo, hindi ba? That woman is Yssabela Calderon… Jardeleza. She's your wife, right?"

"Kumain na tayo, Chelsea," he said coldly at tahimik na lumapit sa isang bakanteng mesa.

Subalit hindi pa rin gumagalaw ang babae. May pag-aalalang lumarawan sa mukha nito. Ilang sandali ang lumipas bago ito sumunod sa kanya. Mayamaya pa ay tahimik na silang kumakain.

"Ang sabi mo'y hindi ka muna sasampa sa barko—"

"Tatlong araw pa lang akong nakababababa, Chelsea," he said in dry humor. "Huwag muna nating pag-usapan ang tungkol d'un. In the first place, you insisted on going here."

Isang buntong-hininga ang pinakawalan ni Chelsea. She was so composed and elegant, hindi lang sa suot nitong white balloon skirt at floral tube blouse. Ang tuwid na tuwid nitong buhok ay maayos na naka-ponytail. Sa unang tingin ay mapagkakamalan itong isang modelo kaysa isang nurse.

Glenn adored her… loved her. Muli silang magkita ni Chelsea nang dumaong ang sinasakyan niyang barko sa Germany and things had changed since then. At nagdesisyon ang dalaga na sa sandaling bumaba siya sa barko ay uuwi ito ng Pilipinas. Which she did. Nagyaya itong magbakasyon dito sa Puerto Princesa. Subalit hindi sukat akalain ni Glenn na sa lugar na ito niya matatagpuan ang taong iniiwasan niya at sinadyang alisin sa sistema niya sa nakalipas na limang taon!

"Coincidence, right?" pukaw ni Chelsea sa malalim na pag-iisip ng lalaki. "Love really hurts, Glenn." There was a faint sob in her voice; hindi maikakaila ang panghihinayang sa mga mata. "How could it be that you married another woman gayung ako ang nobya mo noon sa loob ng tatlong taon…"

"Hindi ko ikinaila ang bagay na iyan noong magkita tayo n'un sa Hamburg."

"Alam mong pinsan ko ang best friend mo."

Ang tinutukoy ni Chelsea ay si Marlon. Kung ilang beses nang nakasama ni Glenn sa ilang pagsakay niya si Marlon. Magkaibigan na sila noon pa mang nag-aaral sila sa isang maritime school. Katulad niya ay marine engineer din si Marlon. Magkaedad sila bagaman nag-retire ito kaagad.

And it was through him that he met Chelsea. Graduating pa lang noon ang dalaga sa kursong Nursing. Tumagal ng tatlong taon ang relasyon nila, then they broke up. Nais ng babae na matupad ang pangarap na makapagtrabaho sa ibang bansa. Si Marlon ang nagsabi sa kanya na mayroong manliligaw si Chelsea na isa ring male nurse na nagtatrabaho sa isang malaking hospital sa Berlin. Pinangakuan ang dalaga na ipapasok sa ospital na pinagtatrabahuhan nito. Na siya namang nangyari.

Broken-hearted that Glenn was, itinuon niya ang isip sa trabaho at sa muling pagsakay sa barko ay nakilala niya si Ysrael Calderon. May-edad na ito at isa ring engineer. Naging malapit ang loob niya sa nakatatandang lalaki nang magsimula itong magkuwento tungkol sa sariling buhay. Hiwalay ito sa asawa na sumama sa ibang lalaki.

Karaniwan na iyong nangyayari sa mga tulad nila na laging malayo sa mga mahal sa buhay. Nakisimpatya rito si Glenn hanggang sa ipaalam nito ang tungkol sa dalagang anak na ga-graduate na sa kolehiyo. Matindi ang pagtanggi ni Ysrael Calderon sa nobyo ng anak at nagbirong kung maaari ay ligawan niya ang anak nito.

Glenn was so broken-hearted then that he

agreed. Subalit hindi upang ligawan ang anak nito kundi upang pakasalan sa sandaling bumababa sila sa barko. Para sa kanya, iyon ang magiging pinakamasakit na mabalitaan ng kanyang ex-girlfriend—na nakahanap kaagad siya ng ipapalit dito, at nagawang ibigay sa bago ang noon pa nito inuungot sa kanya: ang pangalan niya.

He came face to face with Yssabela Calderon and married her the third time they met. Iyon ay ayon sa kagustuhan ni Ysrael at ng pride niyang nasaktan nang sumama sa ibang lalaki si Chelsea.

"Naalala mo na naman ba kung paano kayo ikinasal?" Chelsea asked softly. Iyon ang pumutol sa pagninilay-nilay niya. "I understand that, darling. Galit ka sa akin n'un at ang pagpapakasal kay Yssabela Calderon ang naisip mong paraan upang matakasan ang sama ng loob."

"Let's get out of here." Malamig ang tinig ni Glenn. "May bar sa kabila."

Bahagyang nawala ang sakit sa mukha ni Chelsea at umabrisete sa lalaki.

MARIING NASAPO ni Yssa ang noo. She felt like fainting. Tila hinahalukay ang tiyan niya. Malamig

ang pawis na gumigitaw sa noo niya.

Sa dinadami-dami ng lugar sa mundo, bakit kinailangan pang magkita sila sa Palawan?

Kung alam lang niya, hindi na sana niya tinanggap ang assignment na ito. Puwede namang mag-research na lang siya sa website ng Department of Tourism or simply buy a travel book in the bookstore.

Ang lahat ay nangyari nang hindi niya inaasahan. Dahil kung siya lang, hinding-hindi niya gugustuhin pang makita kahit kailan ang mukha ni Glenn Jardeleza.

Not in this lifetime.

Nanghihinang nahiga siya sa kama; closed her eyes and sighed. Hinayaan niyang muli siyang tangayin ng antok.

# 3

"Wow, ang gaganda nito, Yssa." Buong-kasiyahang binitbit ni Lizzy ang native bag at tila modelong nagpaikut-ikot sa harapan niya. "I love it!"

Amused na itinuon niya ang atensyon sa harap ng computer. Breaktime nila at nag-text siya kay Lizzy kanina na pumunta sa cubicle niya para maibigay ang pasalubong niya rito. Bumili rin siya ng native handbag na katulad niyon.

Sabay silang nagtanghalian sa isang restaurant. Halos katapat lang ng opisina nila iyon.

"Bakit nga pala ang bilis mong bumalik? Three days ang accomodation mo sa hotel sa Palawan, hindi ba?" nagtatakang usisa ni Lizzy. "Ngayon pa lang dapat ang ikatlong araw mo d'un, pero tila nagmamadali kang bumalik."

"Na-miss ko kasi agad ang Manila, eh." She tried to smile. Pilit ikinukubli ang pagkadismaya at kalungkutan. "Ang importante ay nagawa ko naman 'yung trabaho ko."

"Oo nga. Tuwang-tuwa si Sir sa articles at mga

still photos na nai-submit mo."

Inubos ni Yssa ang kanyang mineral water. Ang totoo ay pagod pa siya. Alas ocho ng umaga dumating sa domestic airport ang sinakyan niyang eroplano at dito na siya dumerecho sa opisina. Kagabi ay nilamay niya ang pagsusulat ng article habang ang litrato naman ay naipa-develop na niya sa bayan ng Puerto Princesa kahapon. Kaagad siyang nag-check-out sa hotel kinaumagahan matapos silang magkita ni Glenn sa restaurant.

Pinili na lang niyang mag-check in sa isang inn na malapit sa airport. Bagaman nanghihinayang siya sa hotel reservation, she had no choice. Isang araw at isang gabi lang niyang nagamit ang three-day accomodation niya sana. At least, she as able to do her job well. Iyon naman ang mahalaga.

"Lizzy…"

"Uhm?"

"I'm getting tired with my job. Sa tingin mo, makatarungan lang na mag-resign na ako?"

"What!" shocked na anito. "Mag-resign? Nalolokaa ka na ba?"

Yssa grinned. "Perhaps…"

"Sinasayang mo ang pagkakataon, Yssa. Ang ganda-ganda ng trabaho mo. Contributor at photographer ng isa sa pinakasikat na magazine 'tapos bigla mo na lang maiisipang mag-resign? That's foolish."

"I know." Tila siya batang sinermunan. "Kaya lang kasi…"

"Bahala ka sa plano mo. Desisyon mo 'yan. Pero kung ako ang tatanungin, nakakapanghinayang naman."

Yssa nodded softly. Nalilito siya sa ngayon. Hindi naman siya dating ganito. Nagbago lang ang lahat mula nang gabing makatagpo niya si Glenn sa hotel. Although she doubted it kung mauulit pa ang insidenteng iyon.

Besides, natanaw niya ang lalaki na naupo sa mesa kung saan naghihintay ang isang babae. Kahit hindi sabihin, alam niyang may relasyon ang dalawa. And that hurt her, kung bakit ay hindi niya alam. Marahil ay ang pride niya ang nasaktan, but not her heart.

Pagkapananghalian nila ni Lizzy ay inayos niya ang sariling cubicle at inalis ang mga kalat. Uuwi siya nang maaga. Dumaan muna si Yssa sa opisina

ng publisher nila na si Mr. Henry Jose.

"Maganda 'yung article mo, Yssa," bati nito. "And I like the still photos, parang tunay at buhay na buhay." Muli nitong sinulyapan ang mga larawan. "Anyway, may problema ba?"

"Sir, kasi…" She was hesitant. "May makukuha ho ba kayong makakapalit ko?"

"Why?" litong tanong nito.

"I'm planning on resigning—"

"Hindi puwede, Yssa," mabilisang pagtutol nito. "You can file for a leave. Two or three weeks. Pero hindi ko matatanggap ang resignation. You write well at ngayon ko lang din napuna 'yon. Gusto kitang alagaan para sa kinabukasan ng magazine."

"Pero, Sir…"

"File your leave sooner at aaprubahan ko."

Walang nagawa si Yssa kundi bumalik sa table niya. Vacation leave, why not? Three weeks ang hiningi niyang leave. Bago umuwi ay idinaan niya iyon sa opisina ng editor-in-chief at ng publisher. Sa makalawa pa ang effect niyon. May dalawang araw pa siyang natitira para pumasok. Kailangan munang tapusin niya ang mga natitirang trabaho bago siya

mag-leave.

Tanghali nang makarating si Yssa sa opisina kinabukasan. Tatapusin niya lang ang isang research work at pagkatapos ay uuwi na rin siya.

Mag-a-alas-cinco na nang lapitan siya ni Yeng, ang kanilang all-around assistant.

"Yssa, may naghahanap daw sa iyo sa lobby, sabi ng receptionist," anito.

"Sino daw?" Nilingon niya ang dalaga.

"Hindi sinabi ng receptionist. Puntahan mo na lang, tutal pauwi ka na rin naman."

Pinangalahati lang ni Yssa ang kape sa styrocup at tumayo na. Dumaan siya saglit sa comfort room at minasdan ang sarili sa salamin.

Yssa winced at the reflection. She stood five feet and four inches, pero pakiramdam niya minsan ay kulang pa ang mga katangian niya. Madalas siyang mapagkamalang kolehiyala. Dahil na rin marahil mas mukha siyang bata kaysa sa tunay niyang edad. Palibhasa, hindi siya nagme-makeup. Maliban sa pulbos ay wala na siyang inilalagay sa mukha.

Nang maalalang may naghihintay nga pala sa kanya sa lobby, lumabas na siya ng comfort room.

Nasa ikalimang palapag ang opisina nila. Ang buong building ay pag-aari ng pamilya ng publisher niya. Pero karamihan ng palapag ay iba't ibang kompanya ang nag-oopisina.

Marahil ay isa sa mga kamag-anak niya ang naghihintay sa kanya. Kapag lumuluwas ang Tiya Olen niya ay nakikipagkita ito sa kanya. Marahil ay lumuwas ito at yayayain siyang mamasyal o kaya ay magsimba sa Quiapo.

Nagpalinga-linga si Yssa sa lobby. Umaasa na mayroong pamilyar na mukha ng mga kamag-anak niya ang naroroon.

"I've been waiting here for almost thirty minutes," came the voice—husky, deep and… angry?

Yssa turned around. May kabang bumalot sa dibdib niya. Bagaman hindi niya ito nakasama sa nakalipas na limang taon at maraming bagay ang tungkol dito na hindi niya masyadong nalalaman, hearing his voice made her shiver and tremble.

"Hello, Mrs. Yssabela Calderon-Jardeleza."

Shocked na napatitig dito si Yssa.

Ngumisi lang ito nang sarkastiko. "Did that surprise you? Limang taon pa lang ang nakakaraan,

pero parang nakalimutan mo na ang—"

"Pakihinaan ang boses mo," she snarled in anger. "Ayokong…"

Nagsalubong ang mga kilay nito. "I know, baby. Wala nga palang nakakaalam sa mga kasamahan at kaibigan mo na ikinasal ka," may panunuyang saad nito. "Huwag mong sabihing mayroon kang boyfriend."

"At kung mayroon man, ano naman iyon sa 'yo, Glenn?" agap niya. Gustuhin man niya itong sigawan, hindi naman niya magawa. "Hindi ba at ikaw ma'y mayroon ding nobya? Bakit mo ako susumbatan kung sakaling totoo man ang sinabi mo? My God, this is my life, pero pakiramdam ko, limang taon akong nakagapos—"

Hindi nagawang tapusin ni Yssa ang sinasabi nang maagap na hawakan ni Glenn ang braso niya. Halos bumaon ang malalaking daliri nito sa balat niya. Yssa was wincing in pain subalit hindi magawang magprotesta dahil maraming taong naroroon sa lobby.

Binagtas nila ang maluwang na parking area hanggang sa marating ang kotse nito. Tahimik lang sila pareho hanggang sa pinaandar na ni Glenn ang

sasakyan.

Yssa shivered. Hindi nga ba at kinaladkad rin siya ni Glenn matapos nilang kumain sa isang restaurant sa West Avenue, matapos ang kasal nila? Pakaladkad siyang isinakay sa taxi at dinala sa isang apartelle. Buong akala niya noon ay pagsasamantalahan siya nito. At sa kabila ng katotohanang kasal sila, nagdulot pa rin iyon kay Yssa ng matinding takot noon. Subalit hindi nangyari ang inaasahan niya.

Sa halip, ipinasok lang siya nito sa loob ng isang pribadong silid para ipamukha sa kanya kung gaano nito kaayaw na pakasal sa kanya. And she thanked God that Glenn told her that in private. Mas natanggap ng pride niya ang ginawa nito kaysa kung sinabi nito ang masasakit na salita sa harap mismo ng mga magulang nila.

Makaraang ipamukha iyon sa kanya ay iniwan siya nito sa loob ng apartelle. Glenn had been out of her life since then. Until today…

Kamuntik na siyang matisod nang pumasok sila sa *Shangri-La Mall*. Ang hawak niyang handbag ay tumilapon sa sahig. Mabilis iyong dinampot ni Glenn. Sa isang coffeeshop sa ground floor sila pumasok. Inilapag nito ang bag niya sa gitna ng mesa, pagkatapos ay iniwan siya para umorder ng

brewed coffee.

Isang buntong-hininga ang pinakawalan ni Yssa habang sinusundan ito ng tingin.

Glenn did not change a bit. *No, he had changed*, pasubali ng isang bahagi ng isip niya. Malaki ang ipinagbago nito. He was handsome then, but he was much more handsome now. Five years ago, maiksi ang buhok nito. Ngunit ngayon ay may kahabaan ang buhok ng asawa, in foxy layers at bumagay iyon dito. His hair framed his face sexily. And he was tall and well-built. Hindi kataka-taka na sinusundan ito ng tingin ng mga naroroong kababaihan sa loob ng coffee shop.

Hindi malaman ni Yssa kung matutuwa o maiinis. Bakit ba siya nalilito? Hindi niya kailangang mainis kung tinitingnan man ng ibang babae si Glenn. Hindi niya ito pag-aari…

*But he's your husband, Yssabela,* paalala ng isang bahagi ng isip niya.

*Husband? Yeah, pero sa papel lang*. Paano niya ito ituturing na asawa gayung ni hindi niya ito nakasama kahit minsan?

Inilapag nito ang tray sa mesa sa harapan niya. Tig-isa sila ng kape. Hindi man aminin ni Yssa, ay

nakaramdam siya ng gutom nang malanghap ang mabangong aroma niyon.

“Gusto kong pag-usapan natin ang tungkol sa atin, Yssa.” His eyes were fixed on hers at tila hindi kumukurap. May ibinabadyang emosyon ang mga matang iyon na tanging ito lang ang nakakaalam. “I tried to get away from that marriage. Pero na-realize ko na hindi ko kailanman matatakasan ang kahulugan ng kapirasong papel na ’yon.” Nangunot ang noo ni Glenn nang mapatitig sa kaliwang kamay niya. “You’re not wearing your wedding ring.”

“May halaga ba kung isusuot ko ’yon, Glenn?” Tila ito napahiya. “You’re not wearing yours either, so what’s the fuss?” Nagkibit-balikat si Yssa. “Isa pa, mga tunay na mag-asawa lang ang hindi dapat makalimot sa pagsusuot ng wedding ring…”

“Ano tayo sa tingin mo, Yssa?”

“It’s just a piece of paper, Glenn. Hindi ko kagustuhan ang magpakasal sa iyo at alam ko rin na napilitan ka lang na magpakasal sa akin n’un dahil iniwan ka ng fiancée mo at ipinagpalit ka sa ibang lalaki…”

Kusang huminto si Yssa. Nakikita niya ang galit sa mga mata ni Glenn. At kung wala siguro sila sa

isang pampublikong lugar, malamang na sinaktan na siya nito. But no, wala iyon sa hitsura ng lalaki. Wala sa tipo nito ang magagawang manakit ng babae nang pisikal.

But then, he was angry at totoong kinatakutan ni Yssa ang matiim nitong pagkakatingin sa kanya.

"Right, wala lang akong choice dahil nasugatan ang pride ko nang sumama sa ibang lalaki ang fiancée ko. I just wanted to get back at her. Pero kung alam ko lang na darating ang panahon na magkakabalikan kami ni Chelsea, hindi sana kita pinakasalan."

Shocked na napatitig dito si Yssa. "Ang fiancée mo na nang-iwan sa iyo noon, iyon 'yung kasama mo sa restaurant sa Palawan?"

# 4

Bumuntong-hininga muna si Glenn bago sumagot. “Yes, si Chelsea Avila ang kasama ko n’un sa Palawan.” Tinitigan nito si Yssa. “Did that surprise you? Nakalimutan mo yata na tatlong taon kaming magnobyo noon ni Chelsea at nakatakda nang magpakasal nang sumama siya sa ibang lalaki.”

Right. Sinabi mismo noon ng daddy niya sa kanya ang tungkol sa dalawa. Iyon ang dahilan kung kaya nagawa ng kanyang ama na kumbinsihin si Glenn na siya ang pakasalan.

Nang mga panahong iyon ay may nobyo si Yssa, si Norman Viel na isang fast food manager. Ayaw ng daddy niya rito noon dahil may natuklasan ito tungkol kay Norman na ayaw namang sabihin sa kanya. Handa siyang ipaglaban ito noon sa ama. Pero mahigpit ang pagtanggi ni Ysrael. At upang maiiwas siya sa boyfriend ay sapilitan siya nitong ipinakasal kay Glenn.

Bagaman tutol ang kalooban niya ay wala siyang nagawa. Ang konswelo na lang ni Yssa ay hindi niya napagbigyan niya ang ama bago ito namatay. Wala pa halos isang buwan mula nang ikasal siya

kay Glenn nang bawian ng buhay ang daddy niya. Ni hindi niya tiyak kung nabalitaan ng asawa ang pagkamatay nito noon. Wala silang komunikasyon mula nang araw ikasal sila at iwanan siya sa loob ng isang silid sa apartelle.

"I'm… not surprised, Glenn." Umiling-iling siya subalit ang kamay na may hawak na tasa ay nanginginig. At kung hindi niya kinokontrol ang mga kamay, malamang na tumapon na ang laman niyong kape. "H-hindi ko lang mapaniwalaan na pagkatapos kang iwanan ng ex-fiancèe mo, ay makikipagbalikan ka pa rin sa kanya."

"Hindi ako nakipagbalikan sa kanya. It's the other way around. Nagkita kami nang hindi sinasadya sa Germany nang dumaong sa Hamburg ang barkong sinasakyan ko. Sinabi niyang hiwalay na sila ni Jeff. Last month lang naibaba ang desisyon sa diborsyo nila."

Hindi naaalis ang pagkakakunot ng noo niya. "Then, why are you here? Bakit kailangan mo pa akong hanapin? Hindi ko pakikialaman kahit kailan ang buhay mo, Glenn…" mataray na aniya.

"I want an annulment, Yssa," walang gatol nitong sagot.

"Annulment?" Pakiramdam ni Yssa ay may malaking kamao na sumuntok sa dibdib niya, that she could not breathe. "After five years, bakit biglang-bigla ang kagustuhan mong makaharap ako para lang sa annulment?"

"I want to marry Chelsea…"

"Marry Chelsea!" Gustong mainis ni Yssa sa kaharap. Subalit kasabay ng galit ang pinong kurot sa puso niya na pinilit niyang hindi pansinin. "Really, huh! You're such a gentleman, Glenn. Pagkatapos kang iwanan, you still want to marry her."

"Nandito ako para pag-usapan 'yon nang maayos, Yssa…"

"Then you're barking on the wrong tree, Mr. Jardeleza," she said, almost flaring in anger. "Kung ang dahilan ng annulment na gusto mo ay para mapakasalan ang Chelsea na 'yon, well, I'm very, very sorry. Hindi ako papayag."

He frowned. "Bakit ayaw mo? Ano ang dahilan mo?" Matalim na tiningnan ni Glenn ang babae nang may pumasok na ideya sa isip. "Of course, I'm a ship officer at may kinikitang malaki. Iyon ba ang hinahabol mo?"

Hindi nagawang tapusin ni Glenn ang sinasabi

nang mariing dumapo sa mukha nito ang kamay ni Yssa. Ang mga taong nasa malapit sa kanila ay napalingon.

Halos hindi makapaniwala ang lalaki sa inakto niya. She looked frail and weak, at ni hindi nito naisip na malakas siyang sumampal.

Nang makabawi si Glenn sa pagkabigla ay mabilis na sinundan ang nakalayo nang babae. Inabutan siya nito sa escalator na patungo ikalawang palapag.

Papasok siya sa MRT station nang mariing hawakan nito ang braso.

"Bitiwan mo ako, Glenn," she whispered furiously. "Hindi ako mangingiming gumawa ng eksena dito. Kayang-kaya kong palabasin na manraraket ka at gusto mo kong biktimahin."

"Hindi mo magagawa iyon."

"I can and I will, Mr. Jardeleza," mariing turan niya.

"What do you want, Yssa?" Mababa na ang tinig ng lalaki.

"Wala akong gusto, Glenn. At kahit kailan, hindi ko pinag-interesan ang pera mo. Kung ganoon sana,

noon ko pa ginawa 'yon. Hindi ako mahihirapang kunin ang mahigit kalahati ng kinikita mo kung pinili ko lang."

Natahimik si Glenn; unti-unting lumuwag ang pagkakahawak sa braso ni Yssa. Then, he sighed. Nasa anyo nito ang resignation.

"Kung makikipag-usap ka lang sa akin dahil sa annulment na sinasabi mo, mas mabuting huwag mo na lang akong pupuntahan kahit kailan. Hindi kita ginulo o pinakialaman sa nakalipas na limang taon, knowing how much you hate me."

"Wala akong gusto kung di ang makawala, Yssa…"

"Pero kung ang Chelsea na iyon ang dahilan kaya gusto mong makawala sa akin, then you're only wasting your breath, Glenn." At saka idinagdag, "Dahil hangga't nasa tabi mo si Chelsea, hinding-hindi mo makukuha ang inaasam mong kalayaan."

Nagtiim ang bagang nito. "What do you want from me, Yssa?"

"Ang gusto ko'y pakawalan mo ako. Gusto ko nang umuwi, Glenn. Napapagod na ako."

Sukat sa sinabing iyon ni Yssa ay lumuwag ang

pagkakahawak nito sa kanya. Sinamantala niya ang pagkakataon at halos takbuhin ang patungong MRT.

Nakahinga si Yssa nang maluwag nang nasa loob na ng tren. Bagaman nakatayo siya ay hamak na mas komportable ang kalagayan niya ngayon kaysa kaninang kaharap si Glenn.

Ang takot at panginginig ng mga braso ay pilit lamang niyang ikinukubli. It was the same feeling she felt nang magkita sila sa Palawan. At iyon ang nagbibigay ng pagkalito kay Yssa. Lalo na ang nakabibinging tibok ng puso niya sa tuwing kaharap niya ang asawa.

The bastard was sinfully handsome. Hindi na niya pinagtakhan kung bakit pagkalipas ng limang taon ay hindi pa rin nito nakalimutan ng dating fiancèe na si Chelsea.

And it hit her knowing that Glenn, her husband for five years, was having an affair with another woman. At hindi niya alam kung bakit ganoon na lang ang galit at sakit na naramdaman niya.

*Be reasonable, Yssa,* anang isang bahagi ng isip niya. *Glenn's your husband… pero sa papel lang.*

HABANG BUMABABA ng hagdanan ay pinagmamasdan ni Glenn ang babaeng nakaupo sa pang-isahang sofa na nasa living room ng bahay niya. She was sitting there in all her elegance. Ang tuwid na tuwid na buhok ay mataas ang pagkaka-ponytail. Her skin was almost luminous and smooth, dahil na rin sa Chinese blood nito. She was wearing her signatured pants at branded ang pulang blouse na suot. Ang kuko sa paa ay alaga ng isang nail artist. Halos flawless ang makeup nito. At kahit pa wala ang mga koloreteng iyon, kay gandang pagmasdan ng mukha nito.

Sa unang tingin ay mas madaling sabihin na isang Chinese o kaya ay Korean si Chelsea. In fact, kahawig nito ang isang Korean na nagbibida sa mga telenovela na madalas panoorin ng mommy niya.

Amused na napangiti si Glenn nang maalala ang reaksyon ng ina nang malaman na bumalik sa kanya ang dalaga.

*"Kung ayaw mo sa pinakasalan mo, get an annulment, Glenn. You can get married again if you want. But for God's sake, not to Chelsea."*

Nagsalubong ang kilay ng kanyang nobya nang mapuna ang pagkakangiti niya.

"What's funny, Glenn?" She frowned. "Pinagtatawanan mo ba ako dahil pinuntahan kita dito kahit na alam kong hanggang ngayon ay galit sa akin ang parents mo?"

Gusto niyang matawa sa kontrol ni Chelsea. She had always been so prim and proper. Poised at mahinahon, kahit na nga kapag inaasar niya ito.

"Nothing, Chelsea." Umiling-iling siya. "I admire your guts sa pagparito kahit alam mong ayaw sa iyo ng mga magulang ko."

"I have nothing to worry about. Hindi naman sila ang pakikisamahan ko pag nakasal tayo. Pero hindi mangyayari iyon kung hindi ka magiging malaya mula sa Yssabela na 'yon."

"And that's the big problem, Chelsea." Naupo siya sa sofa sa tapat nito.

Kumunot ang noo ng nobya. "Problem?"

"Ayaw pumayag ni Yssa sa annulment. Siniguro niyang hindi ako pakakawalan," matabang na sagot niya.

"At bakit hindi?"

Tinitigan ni Glenn ang babae. "Kung ibang babae ang dahilan, she's more than willing to annul

our marriage. But not you."

"How dare her," ani Chelsea, na bagaman may galit sa mga mata ay nananatili ang poise at casuality sa tinig. "Sa pagkakaalam ko'y may nobyo rin siya noon at pinilit lang ng ama niya na ipakasal sa iyo dahil ayaw ng ama niya sa boyfriend niya."

Tumango si Glenn. Nabanggit na niya iyon kay Chelsea. Subalit hanggang doon lang.

"Ikaw na rin ang nagsabi na ang inilaan mong pera sa kanya noon ay nanatili lang sa opisina."

He nodded. "Buo ko ring nakuha ang sustento na para sa kanya. True, hindi niya pinag-interesan 'yon, pero hindi ko pa rin maunawaan lang bakit ayaw niyang ibigay ang annulment."

"Hindi ako naniniwala na ayaw ka niyang mapunta sa akin, Glenn." Tumayo mula sa sofa si Chelsea at kumandong sa lalaki. "May suspetsa ako na nais niyang pabayaran ang kalayaan mo." Napatitig si Glenn sa nobya. Nagpatuloy ito, "Matagal nang patay ang daddy niya na siyang sumusuporta sa kanya. Kung may naiwan man ito, siguro'y nagamit na niya iyon nang mamatay ang matanda at ang lola niya."

Glenn sighed. Nabalitaan niya noon ang

pagkamatay ni Ysrael Calderon. Itinuring niya itong matalik na kaibigan. Bagaman nais niya itong makita noon kahit sa huling sandali, ay pagkakataon ang pumigil sa kanya.

Ang mga magulang niya ang nagkusang nakiramay kay Yssa. Sa kabila ng hindi maayos na relasyon niya sa babae, hindi ito kinaligtaan ng kanyang pamilya na dalawin ito paminsan-minsan. Kapag bumababa siya ng barko, binibilinan siya ng ina na puntahan ang asawa ngunit tumanggi siyang gawin iyon.

Kahit paano ay nainsulto si Glenn nang malaman mula sa agency na tinanggihan ni Yssa ang pera na inilaan niya para rito. Naniwala na siya noon na katulad niya ay kinasusuklaman nito ang pagpapakasal sa kanya.

Sa nakalipas na limang taon ay hindi rin ito nakipagkomunikasyon sa kanya. Kaya nang hindi sinasadyang magkita sila ni Chelsea ay hindi siya nagdalawang-isip na makipagbalikan dito.

Malambing nitong hinaplos ang pisngi niya. “Perhaps she needs money, Glenn. Alam niya na mapera ka. Give her what she wants para palayain ka niya.”

"Hindi ako naniniwalang pababayaran niya ang pagkakaloob sa akin ng annulment, Chelsea." Umiling-iling siya. "May trabaho si Yssa. Sapat ang kinikita niya roon upang mabuhay siya."

Hindi niya kailangang idagdag na sa abot ng pagkakakilala niya sa asawa, ayon na rin sa ama nito noong magkasama sila sa barko, hindi ito maluhong tao. Simple lang ito. Hindi iilang pagkakataon na sinasabi sa kanya ni Ysrael noon na sumosobra kay Yssa ang allowance na ipinadala para sa pag-aaral. Nabubuhay ang babae sa mga simpleng kaligayahan at hindi sa luho.

Walang emosyong tinitigan niya ang nobya. "Don't you think it's about time we—"

"Please," saway ni Chelsea at niyakap siya. "I can't afford to lose you, Glenn. I love you, I realized that then. At hindi ko hahayaang mawala ka na naman sa akin."

Glenn sighed. Marahan niyang inalis ang pagkakayakap nito. Walang katiyakan ang isinagot niya rito, "I'll see what I can do, Chelsea. Pero huwag kang umasa na magiging maayos o positibo ang magiging pag-uusap namin ni Yssa."